High School at Graduation

Ang programa ng Nova Scotia high school ay nagbibigay ng malawak na hanay ng mga kurso upang makatulong na ihanda ang mga mag-aaral para sa buhay pagkatapos ng high school.

High school sa Nova Scotia

- kasama rito ang mga kurso mula sa grade 10, 11, at 12
- ay may dalawang semestre—ang unang semestre ay Setyembre hanggang Enero, at ang ikalawang semestre ay Pebrero hanggang Hunyo
- ay pinopondohan ng gobyerno kaya walang direktang gastos para makalahok
- ay bukas sa lahat ng mag-aaral hanggang umabot sila sa 21 taong gulang

Ang mga kursong available sa high school ay nakalista sa website ng **Nova Scotia Curriculum**. Ang mga indibidwal na paaralan ay maaaring mag-alok ng mga karagdagang kurso.

Buhay sa high school

Paano isinasaayos ang mga klase: Ang mga mag-aaral ay karaniwang nag-aaral ng apat na kurso mula Setyembre hanggang Enero, at pagkatapos ay ibang hanay naman ng apat na kurso mula Pebrero hanggang Hunyo.

- Ang bawat mag-aaral ay binibigyan ng personal na timetable ng mga klase sa simula ng bawat school year o semestre.
- Hinahati ng mga paaralan ang araw sa mga bloke ng oras na tinatawag na mga panahon. Sa maraming paaralan, lumilipat ang mga estudyante mula sa mga silid-aralan sa buong araw habang nagbabago ang panahon at ang kanilang mga kurso. Depende sa dami ng kurso ng estudyante, maaari silang magkaroon ng libreng panahon na walang klase.

Attendance: Upang makalikom ng kredito sa kurso ng high school, ang mga mag-aaral ay inaasahang present
nang hindi bababa sa 80% ng oras ng klase. Tignan ang *Patakaran sa Attendance at Pakikipag-ugnayan ng Mag-aaral* para sa karagdagang impormasyon.

Student-Parent Portal: Ang impormasyon ng mag-aaral ay pinamamahalaan sa isang elektronikong system na tinatawag na PowerSchool, na kinabibilangan ng Student-Parent Portal na nagbibigay ng impormasyon tulad ng klase iskedyul, mga takdang-aralin, mga grado, attendance, mga komento ng guro, at mga abiso ng paaralan.

- Parehong maa-access ng mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga ang portal.
- Maaaring magbigay ng username at password ang mga kawani ng opisina ng paaralan.
- Upang i-access ang portal, bisitahin ang: www.ednet.ns.ca/inschool/students_parents.

Pagpaplano para sa hinaharap

Kapag nagsimula ang mga mag-aaral sa high school, bibigyan sila ng isang hanay ng mga kursong pagpipilian.
Ang mga kursong pipiliin ng mga mag-aaral ay maaaring makaapekto sa kanilang mga opsyon sa kolehiyo at karera.

Ang mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga ay hinihikayat na

- makipag-usap tungkol sa mga interes, lakas, at kakayahan ng mag-aaral
- makipag-usap sa tagapayo ng paaralan tungkol sa mga opsyon sa kurso at buhay pagkatapos ng high school
- mag-research tungkol sa mga opsyon sa kurso na naaayon sa mga layunin sa kolehiyo at/o karera
- dumalo sa mga presentasyon ng paaralan at mga sesyon ng impormasyon tungkol sa pagpili ng kurso
- regular na i-review ang mga plano at ayusin kung kinakailangan

Mga tagapayo ng paaralan: Ang mga tagapayo ng paaralan ay may kasanayan sa pagbibigay ng malawak na hanay ng mga magkatuwang na mga serbisyo sa loob ng paaralan para sa mga mag-aaral, pamilya, at mga paaralan. Kasama sa kanilang mga serbisyo ang mga proaktibo at tumutugon na diskarte na sumusuporta sa kalusugan ng isip, kagalingan, at pag-unlad ng mag-aaral, sa pagkatuto at tagumpay ng mag-aaral, at pati na rin sa pagbabago sa buhay at pagpaplano ng karera.

MyBlueprint: Ang My Blueprint ay isang student-friendly ng sanggunian para sa edukasyon at pagpaplano ng karera/buhay
na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na tuklasin ang impormasyon sa labor market, ang kanilang mga lakas, interes, at mga landas sa edukasyon at karera sa hinaharap. Maaaring mag-log in ang mga mag-aaral upang suriin ang kanilang pag-aaral, ipakita ang kanilang pag-unlad, at ibahagi ang kanilang natamong tagumpay. Ang mga miyembro ng pamilya ay maaari ding gumawa ng MyBlueprint account para tumulong sa pagpaplano ng edukasyon at karera ng mag-aaral. Upang mabigyan ng access, maaaring aprubahan ng mag-aaral ang isang link request mula sa kanilang miyembro ng pamilya.

Nova Scotia Works School Liaisons: Ang mga Nova Scotia Works School Liaisons ay itinalaga sa mga paaralan sa buong lalawigan upang magbigay ng impormasyon sa labor market, access sa mga oportunidad para sa mga mag-aaral, mga workshop para sa mga mag-aaral at pamilya na may kaugnayan sa pagpaplano ng karera, at higit pa.

Bisitahin ang: Nova Scotia Works Schools Liaisons (NSWSLs) & Let's Talk Careers upang makahanap ng NSWSL
na malapit sa inyo.

Mga pagpipilian sa kurso para sa graduation

Iginagawan ang High School Graduation Diploma sa mga mag-aaral sa mga mag-aaral na matagumpay na nakumpleto
ang hindi bababa sa 18 na kredito ng kurso sa programa ng high school. Ang matagumpay na pagkumpleto ng isang kurso ay nangangahulugan na nakamit ng mag-aaral ang isang marka na 50% o higit pa sa kurso. Ang bawat kurso ay karaniwang katumbas ng
1 kredito.

- **Ang 18 na kredito ng kurso na kinakailangan para sa graduation ay dapat kabilang ang:**
  - hindi hihigit sa 7 na kredito sa antas ng grade 10

  at

  - hindi bababa sa 5 na kredito sa antas ng grade 12

- **13 (ng kanilang 18 na kredito) ay makukumpleto mula sa bawat isa sa mga sumusunod na lugar:**
  - 3 language arts na kredito (1 sa bawat antas ng grade o baitang)
  - 3 mathematics na kredito (1 sa bawat antas ng grade o baitang)
  - 3 science and technology na kredito
  - 3 personal development and society na kredito
  - 1 arts na kredito
- **ang natitirang 5 (sa kanilang 18 na kredito) ay magmumula sa mga elective courses:**
  - Ang isang hanay ng mga elective courses ay inaalok sa mga paaralan ng Nova Scotia.
  - Ang mga mag-aaral na nakikibahagi sa isang programa ng komunidad, o iba pang ekstrakurikular na aktibidad, ay maaaring makatanggap ng kredito kung ito ay inaalok ng isang aprubadong provider.

    Bawat school year, ang Department of Education at Early Childhood Development ay naglalathala ng isang "Inaprubahang Provider at Listahan ng Kurso"
  - Maaaring kumumpleto ang mga mag-aaral ng mga karagdagang kurso (lampas sa 18 na kredito na kailangan para makapagtapos)
    upang umangkop sa kanilang mga interes at layunin.

Nakaraang Pag-aaral

Kung maaari, magbigay ng mga talaan ng nakaraang edukasyon, dating transcript, o mga report card upang makumpirma ng paaralan kung ilan ang mga kredito sa high school ang maaaring ibigay para sa nakaraang pag-aaral. Maaaring maging kapaki-pakinabang na isalin ang mga dokumentong ito sa Ingles o Pranses sa pamamagitan ng isang sertipikadong tagasalin.

Upang matiyak na natutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagtatapos, hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan sa tagapayo ng paaralan upang suriin ang mga opsyon sa pagpili ng kurso.

Bisitahin ang website ng iyong paaralan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng mga kurso.

Iba pang mga kurso at programa sa high school

Habang nagsusumikap para sa kanilang diploma sa pagtatapos sa high school, maaari ring kumpletuhin ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na kurso o programang sertipiko, na idinisenyo upang tutukan ang mga partikular na landas sa karera at mga interes. Dapat tiyakin ng mga mag-aaral sa kanilang paaralan na makumpirma kung alin sa mga sumusunod na kurso o programa ang available sa kanila.

Edukasyong Kooperatiba

Ang Edukasyong Kooperatiba ay isang akademikong kurso kung saan nagkakaroon ng mga kasanayan ang mga mag-aaral at tinutuklas ang mga landas sa karera. Ang mga mag-aaral ay ipinapaloob sa mga kapaligiran sa lugar ng trabaho kung saan sila ay nakakakuha ng mga karanasan sa trabaho, natututong maunawaan ang kultura o gawain sa lugar ng trabaho, at makakuha ng tunay na kaalaman, kasanayan, at saloobin na kailangan nila upang magtagumpay sa kanilang karera. Ang mga mag-aaral ay dapat na 16 taong gulang; o kung sila ay 15 taong gulang, sila dapat ay nagsimula na sa kanilang taon sa grade 11. Ang mga mag-aaral ay dapat magsumite ng aplikasyon sa co-op na guro ng kanilang paaralan upang makapag-enroll sa kursong ito.

Sertipiko ng High Skills Major

Ang sertipiko ng High Skills Major na programa ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makakuha ng mga kredito para sa kanilang diploma sa high school habang kumukumpleto ng mga kurso at nakakaranas ng mga pagkakataon sa totoong mundo na nauugnay sa kanilang mga interes sa karera. Depende sa mga iniaalok na programa sa kanilang paaralan, ang mga mag-aaral ay maaaring makakuha ng isa sa limang mga sertipiko: Arts, Digital Innovation and Technology, Early Childhood Education, Health and Wellness, at Skilled Trades.

Mga Pagpipilian at Oportunidad (O_2)

Mga Pagpipilian at Oportunidad (O_2) ay isang tatlong taong programa na nag-aalok sa mga mag-aaral ng iba't ibang karanasan sa komunidad at mga lugar ng trabaho. Kasama sa programa ang mga field trip, guest speaker, service learning, mga proyektong nakabatay sa komunidad, mentorship, at maraming kredito sa edukasyong kooperatiba Bilang resulta, nagagawa ng mga mag-aaral na iugnay ang paaralan sa isang career path o landas sa karera at gumawa ng mas

matalinong desisyon tungkol sa kung ano ang gusto nilang gawin pagkatapos ng high school, kabilang ang unibersidad, kolehiyo, apprenticeship, o direktang pagpunta sa trabaho.

- **Ang mga mag-aaral na interesado sa O_2 ay dapat na mag-apply sa grade 9.** Bawat taon ay mayroon lamang 20 na puwesto sa bawat paaralan na nag-aalok ng programang ito.

Kasanayang Pangkabuhayan

Ang mga kurso sa Kasanayang Pangkabuhayan ay ginagaya ang lugar ng trabaho, mga kasangkapan, kagamitan, at mga kasanayan na ginagamit sa industriya. Maaaring matuto ang mga mag-aaral sa ligtas at makabuluhang praktikal na paraan. Nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mga saloobin, kasanayan, at kaalaman na kakailanganin nila upang matugunan ang mga patuloy na pangangailangan sa buhay, trabaho, at pag-aaral sa mga karerang nauugnay sa pangkabuhayan. Ang mga mag-aaral na tinuturuan ng isang sertipikadong journeyperson, o pinangangasiwaan ng isang sertipikadong journeyperson sa isang co-op placement, ay nararapat na kumita ng mga oras na mapapabilang sa kanilang sertipikasyon sa pangkabuhayan.

Apprenticeship para sa Kabataan

Sa Nova Scotia, maaaring magparehistro ang isang kabataan bilang youth apprentice kung sila ay 16 hanggang 19 taong gulang at nagtatrabaho ng part-o full-time sa isa sa mga itinalagang pangkabuhayan ng Nova Scotia. Walang bayad sa pagpaparehistro. Binabayaran ang mga youth apprentice upang matuto at maagang makapagsimula sa isang karera sa mga pangkabuhayan.

Ang youth apprenticeship ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na makakuha ng praktikal na karanasan sa pag-aaral ng pangkabuhayan habang nananatili sa sistema ng pampublikong paaralan. Ang mga kabataang nagtatrabaho sa isang itinalagang kasanayang pangkabuhayan sa ilalim ng pangangasiwa ng isang sertipikadong journeyperson ay maaaring makaipon ng mga oras na mapapabilang sa kanilang sertipikasyon sa pangkabuhayan.

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa Youth Apprenticeship na website.

Mga Programa sa Wikang Pranses

Maaaring makamit ng mga mag-aaral na pumapasok sa mga paaralang anglophone ang mga sumusunod na sertipiko kapag matagumpay na nakumpleto ang mga kinakailangang kurso:

- Sertipiko sa French Immersion
- Sertipiko sa Integrated French

International Baccalaureate (IB)

Ang International Baccalaureate (IB) Diploma na Programa ay isang komprehensibong programa ng pag-aaral na kinikilala sa buong mundo na itinututo sa mga grade11 at 12 sa 156 na bansa. Sa kasalukuyan ay mayroong 13 IB Diploma na mga paaralan sa Nova Scotia. Makipag-ugnayan sa tagapayo ng paaralan upang kumpirmahin kung ang IB ay inaalok sa iyong paaralan.

Ang IB na programa ay kinikilala at iginagalang ng mga unibersidad sa buong mundo at ang mga mag-aaral ay maaaring makakuha ng kredito sa unibersidad para sa (mga) kurso sa IB.

Distributed Learning (Online Learning)

Ang mga mag-aaral sa grade 10 hanggang 12 na nangangailangan o gustong kumuha ng kurso sa antas ng high school na hindi inaalok sa kanilang lokal na paaralan, o hindi akma sa kanilang

iskedyul, ay maaaring kumuha ng kurso sa pamamagitan ng online Distributed Learning na programa.

- Ang mga Distributed Learning na programa ay libre para sa mga estudyanteng naka-enroll sa mga pampublikong paaralan.
- Ang mga mag-aaral ay dadausin sa parehong mga pamantayan tulad sa mga in-person na kurso.
- Pinakamahusay na gumagana ang pathway na ito para sa mga mag-aaral na kumportable sa technology at online learning at may kakayahang turuan ang sarili.

Nova Scotia Virtual School (NSVS) / l'École virtuelle au CSAP (ÉVCSAP)

Ang NSVS at ÉVCSAP na mga kurso ay itinuturo ng mga guro mula sa pampublikong paaralan ng Nova Scotia sa oras ng klase. Ang mga mag-aaral ay dapat magkaroon ng espasyo sa kanilang pang-araw-araw na iskedyul ng klase upang trabahuin ang mga online na kursong ito at makipagkita sa kanilang virtual na guro at mga kaklase sa online habang sila ay nasa paaralan.

Nova Scotia Independent Online Learning (NSIOL)

Ang mga mag-aaral sa NSIOL na kurso ay nag-aaral ng mag-isa sa online sa kanilang sariling bilis. Ang isang course mentor, na
isang lisensyadong guro, nakikipagkita sa mga mag-aaral sa online, tuwing gabi o tuwing katapusan ng linggo, 8 hanggang 10 beses sa buong kurso. Tinutulungan ng mentor ang mga mag-aaral na planuhin ang kanilang iskedyul ng pag-aaral at ginagabayan sila sa kurso ngunit hindi nagtuturo o nagtu-tutor.

Ang mga mag-aaral ay may hanggang 18 buwan upang makumpleto ang isang 1-kredito na kurso, hanggang 24 na buwan upang makumpleto ang isang
2-kredito na kurso, at hanggang 6 na buwan upang makumpleto ang isang module. Ang NSIOL website ay may karagdagang impormasyon, kabilang ang listahan ng kasalukuyan at paparating na mga kurso.

- Ang NSVS at NSIOL na mga kurso ay magagamit para sa mga programang English at French Immersion sa alinmang Regional Center for Education (RCE).
- Ang ÉVCSAP na mga kurso ay available sa Pranses para sa mga mag-aaral na nag-aaral sa mga paaralan ng Conseil scolaire acadien provincial (CSAP).

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa Distributed Learning website o makipag-usap sa tagapayo ng paaralan tungkol sa kung ang Distributed Learning ay angkop sa kanila. Maaaring magparehistro ang mga mag-aaral para sa mga online na kurso sa panahon ng proseso ng pagpili ng kurso sa kanilang paaralan.

Panlalawigang Pagsusulit

Ang Nova Scotia ay nagsasagawa ng mga panlalawigang pagsusulit sa mga sumusunod na kurso:

- English 10
- Français 10 (CSAP)
- Mathematics 10
- Mathematics 10

Ang mga panlalawigang pagsusulit ay binibilang bilang 20% ng marka sa panghuling kurso.

- Ang mga mag-aaral na naka-enrol sa mga kursong ito ay kukuha ng kaukulang panlalawigang pagsusulit.
- Ang mga mag-aaral na mayroong **Individual Program Plan (IPP)** sa English 10, Français 10, o Mathematics 10 hindi kukuha ng panlalawigang pagsusulit na ito.
- Ang mga mag-aaral **na nag-aaral ng Ingles o Pranses bilang karagdagang wika** ay maaaring hindi kailanganing
  kumuha ng pagsusulit na ito. Ang punong-guro, sa pakikipag-ugnayan sa mga guro, magulang/tagapag-alaga
  at ng mag-aaral, ang magpapasya kung aling mga pagsusulit ang kakailanganin dahil sa kasalukuyang mga kasanayan sa wika ng mag-aaral.
- Ang mga mag-aaral na may karagdagang wika ay papayagang gumamit ng isang **electronic translator at/o isang bilingual dictionary**. Bibigyan din sila ng dagdag na oras, kung kinakailangan.

Ang Student Assessment na seksyon ng website ng Department of Education and Early Childhood Development ay mayroong karagdagang impormasyon tungkol sa Nova Scotia Examinations.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang inyong Regional Centre for Education (RCE) o Conseil scolaire acadien provincial (CSAP).

- **Annapolis Valley Regional Centre for Education** (AVRCE)
- **Cape Breton-Victoria Regional Centre for Education** (CBVRCE)
- **Chignecto-Central Regional Centre for Education** (CCRCE)
- **Conseil scolaire acadien provincial** (CSAP)
- **Halifax Regional Centre for Education** (HRCE)
- **South Shore Regional Centre for Education** (SSRCE)
- **Strait Regional Centre for Education** (SRCE)
- **Tri-County Regional Centre for Education** (TCRCE)
- Ang **SchoolsPlus** ay nagbibigay ng hanay ng mga serbisyo at suporta, at available sa bawat paaralan sa
  Nova Scotia

Para sa suporta sa inyong komunidad, makipag-ugnayan sa:

- Ang **YMCA School Settlement –** ay available sa buong lalawigan
- Ang **YREACH –** ay available sa labas ng Halifax Regional Municipality (HRM)
- Ang **Immigration Francophone –** ay available sa pamamagitan ng inyong School Settlement Worker